MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
EQUITY AND EXCELLENCE

2023



**SERYE NG IMPORMASYON NG MAGULANG**
Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon sa Maryland:

# Ang Individualized Education Program (IEP)

Proseso ng Espesyal na Edukasyon | Mga Karapatan ng Magulang | **Pag-unawa sa IEP** | Paglipat sa Sekundarya



# PANIMULA

**Ang Gabay ng Magulang sa mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon sa Maryland ay bahagi ng mga Serye ng Impormasyon ng Magulang mula Kapanganakan hanggang 21 (Birth through 21 Parent Information Series) ng Maryland,** isang koleksyon ng mga publikasyon na idinisenyo upang suportahan ang mga pamilya sa sistema ng espesyal na edukasyon sa Maryland. Tatalakayin ng booklet na ito ang bawat seksyon ng IEP at tutulungan ang mga pamilya na ganap na makilahok sa proseso ng pagbuo, pagsusuri, at pagbabago sa IEP ng kanilang anak.



# TALAAN NG MGA NILALAMAN


pahina 4

**Pakikilahok ng Magulang sa Proseso ng Espesyal na Edukasyon**

pahina 5

**Ano ang Isinasaad ng Batas**

pahina 6

**Ang Individualized Education Program (IEP)**

pahina 16

**Checklist para sa mga Magulang**

pahina 18

**Paano Kung May mga Tanong Ako o Kailangan ko ng Tulong?**


Para sa karagdagang impormasyon bisitahin kami sa
**www.marylandpublicschools.org**

# Ang Paglahok ng Magulang Sa
# **Ang Proseso ng Espesyal na Edukasyon**



**Ang pakikilahok ng magulang sa edukasyon ng kanilang anak ay humahantong sa higit na tagumpay.** Ito ay napakahalaga pagdating sa mga bata na karapat-dapat para sa espesyal na edukasyon. Ang espesyal na edukasyon ay maaaring maging mas epektibo kapag ang mga magulang ay may makabuluhang mga pagkakataon na lumahok sa edukasyon ng kanilang mga anak, makipagtulungan at makabahagi sa paaralan.

Isinulat ng mga taga-balangkas ng Batas sa Edukasyon ng mga Indibidwal na may Kapansanan (IDEA, Individuals with Disabilities Education Act), ang batas na namamahala sa espesyal na edukasyon, "na ang edukasyon ng mga batang may kapansanan ay maaaring maging mas epektibo sa pamamagitan ng... pagpapalakas sa tungkulin at responsibilidad ng mga magulang at pagtiyak na ang mga pamilya...ay magkaroon ng makabuluhang mga pagkakataon upang lumahok sa edukasyon ng kanilang mga anak sa paaralan at sa tahanan" (PL 108-446 (5)(B)). Mahalaga na ang mga magulang at pamilya ay aktibong katuwang sa edukasyon ng kanilang mga anak.

Sa buong proseso ng espesyal na edukasyon, ang mga magulang ay kinakailangang mga miyembro ng pangkat na gumagawa ng mga desisyon tungkol sa edukasyon ng kanilang anak. Ang mga magulang ang higit na nakakakilala sa kanilang anak at may mahalagang impormasyon na ibabahagi sa iba pang miyembro ng pangkat ng kanilang anak.

Ang pangkat ay magtutulungan upang bumuo ng isang programa na idinisenyo upang matugunan ang "mga natatanging pangangailangan ng mag-aaral" at tulungan silang maging matagumpay sa kapaligiran ng paaralan.

# Ang **Isinasaad** ng Batas

## Ano ang IEP?

**Ang IEP ay isang nakasulat na pahayag para sa batang may kapansanan na binuo, sinuri, at binago sa isang pulong na alinsunod sa 34 CFR §§300.320-300.324, at dapat kabilang ang:**

- Pahayag ukol sa kasalukuyang antas ng akademikong tagumpay at pagganap ng tungkulin (functional performance) ng bata;
- Pahayag ukol sa nasusukat na taunang mga layunin, kabilang ang mga layuning pang-akademiko at pagganap;
- Ibibigay ang paglalarawan kung paano susukatin ang pag-unlad ng bata tungo sa pagtugon sa mga taunang layunin at kung kailan ibibigay ang mga pana-panahong ulat sa pag-unlad na ginagawa ng bata patungo sa pagtugon sa mga taunang layunin;
- Ibibigay ang pahayag ng espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo at mga karagdagang tulong at serbisyo na ibibigay sa bata, at pahayag ukol sa mga pagbabago sa programa o suporta para sa mga tauhan ng paaralan;
- Ang malawak na paliwanag, kung mayroon man, kung hanggang saan hindi makikilahok ang bata sa mga batang walang kapansanan sa regular na klase at bakit;
- Pahayag ukol sa mga akomodasyon na naaangkop sa indibidwal;
- Kung matutukoy ng pangkat ng IEP na lalahok ang bata sa alternatibong pagtatasa sa halip na sa regular na pagtatasa, ang pahayag kung bakit angkop ang pagtatasa para sa bata;
- Ang mga serbisyo sa paglipat na ina-update taun-taon simula sa edad na 14; at
- Pahayag ukol sa paglilipat ng mga karapatan sa edad ng mayorya.

**SINO ANG MAGULANG? 34 CFR §300.30**

### Ang ibig sabihin ng magulang ay

- Ang biyolohikal na magulang o magulang na umampon sa bata;
- Ang foster parent, maliban kung ang batas ng Estado, mga regulasyon, o mga obligasyong kontraktwal sa isang Estado o lokal na entidad ay pinagbabawalan ang foster parent na kumilos bilang magulang;
- Ang tagapag-alaga (guardian) ay karaniwang pinahihintulutan na kumilos bilang magulang ng bata. O pinahintulutan na gumawa ng mga desisyong pang-edukasyon para sa bata (ngunit hindi ang Estado kung ang bata ay nasa pangangalaga ng Estado);
- Ang indibidwal na kumikilos bilang kapalit ng biyolohikal na magulang o magulang na umampon (kabilang ang isang lolo't lola, ikalawang magulang, o iba pang kamag-anak) kung kanino nakatira ang bata, o isang indibidwal na responsable para sa kapakanan ng bata; o
- Ang surrogate parent na hinirang alinsunod sa §300.519 o seksyon 639(a)(5) ng Batas.

# Ang Individualized
# **Education Program (IEP)**

**Ang Maryland online IEP (MOIEP) ay patuloy na umuunlad na kasangkapan para sa Lokal na Edukasyon at Pampublikong Ahensya (Local Education and Public Agencies) upang matiyak ang pagkakapareho sa pagpapatupad ng mga regulasyong pederal at estado.** Hinihingi ang tulong mula sa mga katuwang sa komunidad at mga eksperto sa larangan kapag gumagawa ng mga pagpapabuti sa mga form. Ginagawa ang bawat pagsusumikap unang-una sa lahat upang gawin ang pampamilyang IEP!

## ANG IEP AYON SA SEKSYON

### Impormasyon ng Mag-aaral at Pamilya

Napakahalaga na ang impormasyon sa pahinang ito ay tama. Dapat suriin itong mabuti ng mga magulang at tiyaking tama ang kanilang address, email, at numero ng telepono. Ang impormasyon ay madalas na nagmumula sa iba pang mga database sa loob ng sistema ng paaralan at maaaring mangailangan ng pagbabago sa buong sistema.

IMPORMASYON NG MAG-AARAL AT PAARALAN

Pangalan: Gitnang Pangalan: Apelyido:
Tirahan:
Lungsod: Estado: Zip Kodigo:
Grado:
Natatanging Numerong Pagkakakilanlan sa Mag-aaral (Estado):
Numerong Pagkakakilanlan sa Mag-aaral (lokal):
Araw ng Kap anganakan: (MM•DD•YYYY)
Edad: Kasarian: ◯ LALAKI ◯ BABAE

MGA CODE NG LAHI
Etnisidad: Espanyol o Latino □ Oo □ Hindi
□ American Indian o Katutubo ng Alaska
□ Asian
□ Puti
□ Katutubo ng Hawaii o ibang Pacific Islander
□ Itim o African American

Kinalala bilang Ingles na Mag-aaral: ◯ OO ◯ HINDI
Katutubong salita ng Mag-aaral:
Kondehan (County) kung saan Nakatira:
Paaralang Pinapasukan:
Kondehan kung saan may Serbisyo:
Paaralang may Serbisyo:
Kinakailangan ba ng mag-aaral ng (mga) partikular na tulong sa isang emergency na paglikas?
Kung oo, isaad dito ang (mga) tulong sa paglikas:
Kaninong saklaw ang may pananagutan sa gastos?
Ang mag-aaral ba ay kasalukuyang nasa pag-aalaga o kustudyo ng ahensiya ng estado? ◯ OO ◯ HINDI
Kung oo, pangalan ng ahensiya ng estado:
Kailangan ba ng mag-aaral ang taong tatayong magulang? ◯ OO ◯ HINDI
Pangalawang (Surrogate) na Pangalan ng Magulang: Pangalawang (Surrogate) na Telepono:

MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA 1
Pangalang: Gitnang Pangalan: Apelyido:
Telepono sa Bahay: ( ) - Cell: ( ) -
Email:
Katutubong salita ng magulang, kung hindi Ingles:
Kailangan ba ang tagapagsalin? ◯ OO ◯ HINDI

MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA 2
Pangalang: Gitnang Inisyal: Apelyido:
Telepono sa Bahay: ( ) - Cell: ( ) -
Email:
Katutubong salita ng magulang, kung hindi Ingles:
Kailangan ba ang tagapagsalin? ◯ OO ◯ HINDI
Tagapamahala ng Kaso:
(Mga) Petsa ng Pulong ng Pangkat IEP:
Petsa ng Taunang Pagsusuri ng IEP:
◯ Ang magulang ay nabigyan ng kopya ng *"Procedural Safeguards*
◯ Binigyan ang mga magulang ng pasalita at nakasulat na pa
ng mga magulang sa proseso ng koponan ng IEP.
◯ Binigyan ang mga magulang ng pasalita at nakasulat na im
serbisyong panghabilitasyon, kasama ang isang kopya ng G
Panghabilitasyon ng Maryland Insurance Administration.
Salin sa Katutubong Wika: Ipinaalam sa Magulang ◯
Hiniling ng Magulang ◯ OO
Inaakalang Petsa ng Taunang Pagsusuri:
Pinakabagong Petsa ng Ebalwasyon:
Balak na Petsa ng Ebalwasyon:
Pangunahing Kapansanan:
Mga bagay na apektado ng kapansanan:

Suriing mabuti ang impormasyon. Kumpirmahin ang katumpakan nito!



## Impormasyon sa Pagiging Karapat-dapat

Nakatuon ang susunod na seksyon sa nangunguna at patuloy sa pagiging karapat-dapat ng iyong anak para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon. Ang mga petsa para sa paunang pahintulot para sa pagsusuri, panimulang pagiging karapat-dapat, kategorya ng pagiging karapat-dapat, at ang batayan sa desisyong iyon ay bahagi ng seksyong ito. Sa muling pagsusuri, maaaring magbago ang kategorya sa pagiging karapat-dapat ng iyong anak.

Maaaring magbago ang impormasyon sa seksyong ito. Suriin ang seksyong ito para maunawaan.

---

## Paglahok sa mga Pagtatasa sa Distrito/Buong Estado at Impormasyon sa Pagtatapos

Maaaring magtapos ang mga mag-aaral na may diploma sa mataas na paaralan o isang sertipiko sa pagkumpleto sa programa. Ang mga kinakailangan sa pagtatapos ay dapat ipaliwanag sa mga magulang taun-taon bilang bahagi ng proseso ng IEP. Mahalaga ito dahil ang uri ng pagtatasa ng estado na nilalahukan ng mag-aaral sa bawat taon ang magsasabi kung matutugunan nila ang ilang mga kinakailangan sa pagtatapos. Kinakailangan ang pahintulot ng magulang kung natukoy ng pangkat ng IEP na lalahok ang isang mag-aaral sa pagtatasa ng estado kung saan walang katiyakan na makakakuha ng diploma ang isang mag-aaral (kilala bilang Alternate Assessment). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa paksang ito, sumangguni sa Technical Assistance Bulletins 19-07,*Pagpapabuti sa mga Resulta para sa mga Mag-aaral na may Kapansanan sa Pag-iisip (Improving Outcomes for Students with Significant Cognitive Disabilities) at 17-02, Pahintulot ng Magulang sa Ilalim ng Batas ng Maryland (Parental Consent Under Maryland Law).*

PAGSALI NG MAG-AARAL SA MGA PAGSUSURI SA DISTRITO/ESTADO AT IMPORMASYON SA PAGTATAPOS

Naipaliwanag ang mga kinakailangan sa pagtatapos sa mga magulang ◯ OO ◯ HINDI
Ang mga kinakailangan sa pagtatapos sa estado ay makikita sa www.marylandpublicschools.org.
Itala ang anumang mga karagdagang kailangan sa pagtatapos sa iyong lokal na paaralan: ____________

**TINATAYANG KATEGORYA NG PAGLABAS:**
Ang mag-aaral ay lalabas na mayroong: ◯ Diploma sa Mataas na Paaralang ng Maryland
(Piliin ang lahat ng nalalapat)
☐ may 2 kredito ng Pandaigdigang Wika, na maaaring kabilangan ng Pasenyas na Wikang Amerikano
☐ May 2 kredito sa Higit na Malawak na Teknolohiya
☐ may matagumpay na pagkumpleto sa isang aprubado ng Estado na programa sa karera at teknikal na edukasyon
◯ Sertipiko sa Pagtatapos ng Programa sa katapusan ng taong pasukan sa pagsapit sa edad na 21 ng ma
◯ Sertipiko sa Pagtatapos ng Programa bago matapos ang taong pasukan sa pagsapit sa edad na 21 ng ma

**TINATAYANG PETSA NG PAGLABAS:**
Sumasali ang mag-aaral sa ______ (na) taong programa at tinatayang lalabas/matatapos sa paaralan sa ________________ (buwan, araw, taon)

Sa paglabas makakatanggap ang mag-aaral ng Buod ng Pagganap ng Maryland [Maryland Summary of Performance (MSOP)] na kinabibilangan ng natamo
tulong, at pag-unlad sa layunin pagkatapos ng sekondarya.

Naipaalam ba sa mag-aaral at mga magulang na ang mga karapatan sa ilalim ng IDEA ay hindi naililipat sa mga mag-aaral na may kapansanan sa pag-abo
sumasailailm sa mga limitadong pagkakataon, tulad ng inilarawan sa Education Article §8-412.1, Annotated Code ng Maryland? ◯ Oo ◯ N/A

**PLANO SA PAGSALI SA MGA PAGSUSURING ISASAGAWA SA PANAHON NG ASALUKUYANG IEP***
Ang mag-aaral ay makikibahagi sa Maryland Comprehensive Assessment Program (MCAP) na Pagtatasa sa mga baitang 3 hanggang 8
Sining sa Wikang Ingles/Pagbabasa at Pagsusulat ◯ OO ◯ HINDI Matematika ◯ OO ◯ HINDI Araling Panlipunan (ika-8 na baitang lamang) ◯ OO

Ang mag-aaral ay makikibahagi sa Maryland Comprehensive Assessment Program (MCAP) na Pagtatasa sa mataas na paaralan
Sining ng Wikang Ingles/Karunungan ◯ OO ◯ HINDI Algebra ◯ OO ◯ HINDI Agham ◯ OO ◯ HINDI Government ◯ OO ◯ HINDI

Ang lahat ng ito ay napakahalagang mga desisyon na makakaapekto sa iyong anak pagkatapos nilang umalis sa paaralan.

## Kasalukuyang Antas ng Nakamit na Akademiko at Pagganap ng Tungkulin (Present Levels of Academic Achievement and Functional Performance, FLAAFP)

Ang seksyon ng PLAAFP ay ang pundasyon para sa IEP

Ang Present Levels of Academic Achievement and Functional Performance (PLAAFP) ay ang pundasyon para sa buong IEP. Dapat alam mo kung nasaan ang estudyante para malaman mo kung saan mo sila gustong pumunta. Ang seksyong ito ng IEP ay naglalaman ng maraming mapagkukunan ng datos depende sa larangan na makikita. Dapat mayroong isang seksyon para sa bawat apektadong larangan, kabilang ang kalusugan, akademya, panlipunan/emosyonal, pag-uugali, pagkilos, komunikasyon, paglipat, at anumang iba pang larangan na kailangang pagsikapan sa araw ng pag-aaral. Ang bawat apektadong larangan ay tutugunan ng isang layunin, karagdagang tulong at serbisyo, o akomodasyon sa IEP, maliban sa PLAAFP sa kalusugan, na maaaring matugunan sa pamamagitan ng Planong Pangkalusugan, mga serbisyo, o nagbibigay ng impormasyon dahil ang kondisyong pangkalusugan ay maaaring makaapekto sa mag-aaral sa araw ng pasok ngunit hindi ito regular na tinutugunan sa lugar ng paaralan. Dapat isama sa mga akademikong PLAAFP ang pagganap sa antas ng baitang ng isang mag-aaral sa lahat ng larangan ng pagbabasa, matematika, at nakasulat na wika.

## Kasalukuyang Antas ng Nakamit sa Akademiko at Pagganap ng Tungkulin: Bahagi II

Mayroong tatlong bahagi sa seksyong ito: (1) ambag ng magulang; (2) mga kakayahan, interes, personal na mga nagawa, at katangian ng mag-aaral sa labas ng paaralan; at (3) ang pahayag ukol sa epekto. Ang ambag ng magulang ay kadalasang ibinibigay bago ang pagpupulong, sa pamamagitan ng pagsulat, at dapat na suriin sa panahon ng pagpupulong. Nagbibigay din ang mga magulang ng ambag sa panahon ng pagpupulong. Dapat din itong maipakita sa seksyong ito.

Mahalagang may alam ang mga miyembro ng pangkat ng IEP tungkol sa iyong anak sa labas ng akademiko. Halimbawa, ano ang ginagawa nila sa labas ng paaralan? Nanalo ba sila ng anumang mga parangal? Sinusundan ba nila ang isang partikular na koponan sa larong pampalakasan? Mayroon ba silang matinding interes na maaaring gumabay sa mga aktibidad sa paglipat? Ang lahat ng ito ay maaaring gamitin bilang motibasyon, upang makilala rin ang iyong anak at makabuo ng ugnayan sa kanila.

Ang pahayag ukol sa epekto ay isang mahalagang bahagi ng IEP. Ang pahayag ukol sa epekto ay dapat na komprehensibo at iugnay ang datos sa PLAAFP sa kung paano inaapektuhan ang mag-aaral ng kanilang kapansanan sa silid-aralan. Halimbawa, kung ang isang mag-aaral ay nahihirapan sa pagkalkula sa matematika, maaari itong makaapekto sa kanilang kakayahang kalkulahin nang tumpak ang mga katotohanan sa matematika sa klase ng matematika at marahil pati na rin sa chemistry at physics.

EDAD NA PUMAPASOK SA PAARALAN - KASALUKUYANG ANTAS NG NATAMONG KARUNUNGAN AT KILOS NG PAGGAWA

Ano ang kontribusyong naibigay ng magulang sa programang edukasyon ng mag-aaral? (Kabilang ang akademika, pagkilos, panlipunan/emosyonal, asa

Ano ang lakas, lugar ng interes, personal na katangian, at personal na narating? (Isama ang higit na gusto at interes para sa kahihinatnan pagkatapos ng pa

Ang Ambag ng Magulang sa IEP ay maaaring ibigay bago at sa panahon ng pagpupulong.

## Mga Serbisyo sa Paglipat sa Sekundarya

Mula sa araw na magsimula ang bata sa paaralan ay naghahanda na sila para sa susunod na yugto. Maging ito man ay sa kolehiyo, karera, o komunidad, lahat ng natututuhan ng mag-aaral mula sa simula ng kanilang karera sa paaralan ay naghahanda sa kanila sa kung anong landas ang kanilang tatahakin at kung paano sila mag-aambag kapag lumipat sila ng paaralan. Sa Maryland, ang pormal na proseso ng paglipat ay magsisimula sa edad na 14. Kasama sa IEP ang ilang mga seksyon na nakatuon sa paglipat sa sekundarya; Mga Kagustuhan/Mga Interes/Kasanayan ng Mag-aaral, Mga Aktibidad sa Paglipat, Kurso na Pag-aaralan, Mga Ugnayan sa Ahensya. Mangyaring sumangguni sa Gabay ng Pamilya para sa Paglipat sa Sekundarya para sa mas detalyadong impormasyon.



## Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang

Ang seksyon ng Mga Espesyal na Pagsasaalang-alang ay nagdodokumento ng ilang mahahalagang bahagi ng programang pang-edukasyon ng iyong anak:

- Mga pangangailangan sa komunikasyon;
- Mga pangangailangan sa Pantulong na Teknolohiya;
- Mga serbisyo para sa mga mag-aaral na bulag o may kapansanan sa paningin;
- Mga serbisyo para sa mga mag-aaral na bingi o may kapansanan sa pandinig;
- Mga pangangailangan sa pag-uugali, kabilang ang pagkontrol o pagbubukod; at
- Mga serbisyo para sa mga mag-aaral ng Ingles.

PAKIKIPAG-USAP (kailangan)

Ang pakikipag-usap ba ng estudyante ay naaapektuhan ng kanilang kapansanan? OO ○ HINDI
(Kung oo, magbigay ng maikling paglalarawan kung paano tutugunan ang mga pangangailangan sa komunikasyon sa IEP.) ______
Ang mag-aaral ba ay may maaasahang paraan ng masimbolong komunikasyon (hal., pagsasalita, wikang pasenyas, malawak na komunikasyon)? OO HINDI
(Kung hindi, ilarawan ang mga layunin, serbisyo o iba pang mga suporta na ibibigay upang bumuo ng epektibong komunikasyon.) ______

TECHNOLOHIYANG UMAALALAY (kailangan)

Ibilang ang mga kagamitang AT at serbisyo na kinakailangan sa pagdagdag, mentina o pagpapabuti sa kakayahan sa pagkilos ng mag-aaral na may kapansan

| (Mga) Desisyon: | Nangangailangan ng AT na (mga) aparato | Nangangailangan ng A |
|---|---|---|
| ○ Hindi nangangailangan ang mag-aaral ng AT na (mga) aparato o AT na (mga) serbisyo. | Hindi | Hin |
| ○ Hindi nangangailangan ang mag-aaral ng AT na (mga) aparato ngunit nan-gangailangan ng AT na (mga) serbisyo. | Hindi | O Karagdagang koleksyon ng imporm kinakail |
| ○ Nangangailangan ang mag-aaral ng AT na (mga) aparato at nangangailan-gan AT na (mga) serbisyo. | Oo | O Maaaring sabihin ng mga serbisyo ang k gang koleksyon ng impormasyon na m |
| ○ Nangangailangan ang mag-aaral ng AT na (mga) aparato ngunit hindi nan-gangailangan AT na (mga) serbisyo. | Oo | Hin |

Ang pagbubukod ay maaari lamang gawin sa mga partikular na sitwasyon para sa mga mag-aaral na nailagay sa mga hindi pampublikong paaralan.



## Mga Accessibility Feature sa Pagtuturo at Pagtatasa

Ang seksyong ito ng IEP ay may ilang mga subseksyon. Una, may mga accessibility feature, na magagamit ng LAHAT ng mag-aaral. Gayunpaman, para sa mga mag-aaral na may IEP, kung ang mga feature ay bahagi ng kanilang IEP dapat ibigay ang mga ito, hindi lamang basta magagamit. Samakatuwid, dapat isaalang-alang ng pangkat ng IEP ang bawat isa at tukuyin kung ang mga ito ay kinakailangang bahagi ng programang pang-edukasyon ng mag-aaral. Ang ilang mga accessibility feature ay dapat matukoy nang maaga upang maihanda ang mag-aaral at kawani.

Ang susunod na subseksyon ay naglalaman ng mga presentasyon ng akomodasyon na magagamit lamang para sa mga mag-aaral na may mga IEP o Section 504 Plans. Dapat suportahan ng mga akomodasyon na ito ang mga pangangailangang makikita sa PLAAFP ng mag-aaral, at ginagamit sa pagtuturo, mga pagtatasa sa silid-aralan, at sa mga pagtatasa sa estado.

Ang susunod na subseksyon ay naglalaman ng pagtugon na akomodasyon na magagamit lamang para sa mga mag-aaral na may mga IEP o Section 504 Plans. Ang ilan sa mga akomodasyon na ito ay may mahigpit na mga kinakailangan kung kailan maaaring isama sa IEP ang mga ito. Halimbawa, aparato sa pagkalkula sa isang seksyon ng pagkalkula sa pagtatasa, o taong tagabasa sa pagtatasa ng literasiya. Dapat masuportahan ang mga akomodasyon na ito ng mga pangangailangang makikita sa PLAAFP ng mag-aaral, at ginagamit sa pagtuturo, mga pagtatasa sa silid-aralan, at sa mga pagtatasa sa estado.

Ang huling subseksyon ay naglalaman ng mga akomodasyon sa tiyempo. Dapat ding masuportahan ang mga akomodasyon na ito ng mga pangangailangang makikita sa PLAAFP ng mag-aaral, at ginagamit sa pagtuturo, mga pagtatasa sa silid-aralan, at sa mga pagtatasa sa estado.

Ang ilan sa mga salita sa mga akomodasyon ay maaaring hindi malinaw o may kahulugang hindi eksakto sa iyong iniisip. Humingi ng paliwanag para makasigurado.

Tandaan: Ang mga suportang ito ay dapat gamitin kapwa sa panahon ng pagtuturo at pagtatasa.

## Mga Karagdagang Tulong, Serbisyo, Mga Pagbabago at Suporta sa Programa

Kasama sa seksyong ito ng IEP ang mahahalagang bahagi ng espesyal na pagtuturo. Dito binabago ang pagtuturo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng iyong mag-aaral. Ang mga suporta sa seksyong ito ay kinabibilangan ng:

- Mga suporta sa pagtuturo;
- Mga Pagbabago sa Programa;
- Mga Suporta sa Panlipunan/Pag-uugali;
- Mga Suporta sa Pisikal/Kapaligiran; at
- Tauhan ng Paaralan/Mga Suporta ng Magulang.

Para sa bawat karagdagang tulong, serbisyo, pagbabago ng programa, at suporta, dapat tukuyin ng pangkat ang lokasyon at paglalarawan sa paraan kung paano ipapatupad ang bawat isa. Kinakailangan ang karagdagang impormasyon para sa seksyon ng mga Tauhan ng Paaralan/Mga Suporta ng Magulang.

Kinakailangan din ng seksyong ito na tukuyin ng pangkat ang dalas ng pagpapatupad, ang mga tagapagbigay, at kung gaano katagal ng mga suporta.

Ang Paglipat, Mga Accessibility Feature, Mga Karagdagang Tulong, Mga Serbisyo, Mga Pagbabago at Suporta ng Programa, Mga Layunin, at mga Serbisyo, kasama ang mga probisyon para sa pagpapatupad sa pinalawig na panahon ng pagsasara ng paaralan.



> Kapag ibinabahagi ng mga magulang ang kanilang pahayag ng pananaw, binibigyan sila ng pagkakataong magbahagi ng personal na impormasyon tungkol sa inaasam ng bata para sa hinaharap. Ang impormasyong ito ay nagbibigay ng mahalagang kabatiran at nagbibigay-daan na makita ng pangkat ng IEP ang mag-aaral na iyon bilang higit pa sa pagsusuri o label.
>
> —Wendy Taylor



## Pinahahabang Taon ng Pag-aaral (Extended School Year)

Hindi lahat ng estudyante ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Extended School Year (ESY). Ang ESY ay hindi summer school at ang mga estudyante ay hindi tumatanggap ng mga kredito sa panahon ng mga serbisyo sa ESY. Ang mga mag-aaral na karapat-dapat para sa ESY ay yaong malalagay sa panganib ang kanilang pag-unlad sa susunod na taon ng pag-aaral dahil sa malaking paghina sa mga break na naganap sa kasalukuyang taon ng pag-aaral at ang tagal ng panahon na inabot ng mag-aaral upang bumalik sa kung nasaan sila bago ang break. Ang pagiging kwalipikado para sa ESY ay desisyon na batay sa datos. Aalamin ng pangkat ng IEP kung ang iyong mag-aaral ay karapat-dapat para sa mga serbisyo. Ang layunin ng ESY ay upang mapanatili ang mga kasanayan, hindi upang isulong ang mga ito, upang kapag nagsimula ang susunod na taon ng pag-aaral, kayang dagdagan ng mag-aaral ang kanilang kasalukuyang mga kasanayan.



PINAHABANG TAONG PASUKAN (ESY)

Kailangang alamin ng pangkat ng IEP kung mayroon sa mga kadahilanan sa ibaba ang maaaring maglagay sa mag-aaral sa panganib na hindi makatanggap ng ibang benepisyo mula sa pang-programang edukasyon ng mag-aaral sa regular na taong pasukan, kung ang mag-aaral ay hindi makakatanggap ng serbisyong ESY. Ang serbisyong ESY ay mga pang-isahang extension ng isang natatangi at espesyal na edukasyon na kaugnay sa serbisyo na ibinibigay sa labas ng normal na taong pasukan ng pampublikong ahensiya, ayon sa IEP, at ito ay walang bayad sa mga magulang.

◯ Kapasyahan sa ESY pinagpaliban

**Kapag ituturing ang ESY, sagutin ng OO o HINDI at isulat ang kapasyahang ito:**

1. Ang IEP ng mag-aaral ba ay may kasamang taunang layunin na kaugnay sa lubhang mahalagang kakayahan sa buhay? ◯ OO ◯ HINDI

   Pagtalakay sa pagsuporta ng kapasyahan: ______

   1a. Mayroon bang pagkakataon na magkaroon ng pag-urong sa lubhang mahalagang kakayahan sa buhay dahil sa normal na bakasyon sa pa manumbalik ang mga nawalang kakayahan sa resonableng panahon? ◯ OO ◯ HINDI

   Pagtalakay sa pagsuporta ng kapasyahan: ______

   1b. Nagpapakita ba ang mag-aaral ng antas ng pag-unlad para makamit ang mga layunin ng IEP na kaugnay sa lubhang mahagang kakayah

   Pagtalakay sa pagsuporta ng kapasyahan: ______

2. Mayroon bang pangitain ng lumalabas na kakayahan o lumitaw na mga pagkakataon? ◯ OO ◯ HINDI

   Pagtalakay sa pagsuporta ng kapasyahan: ______

3. Mayroon bang mahalagang sumasalungat na ugali? ◯ OO ◯ HINDI

   Pagtalakay sa pagsuporta ng kapasyahan: ______

Ang pagiging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Extended School Year ay desisyon na batay sa datos na ginawa ng pangkat ng IEP.

## Mga Taunang Layunin

Ang mga taunang layunin ay batay sa mga larangan ng pangangailangan ng mag-aaral na tinukoy sa PLAAFP. Ang mga layunin ay mga priyoridad na larangan na nagbibigay-daan sa mag-aaral na paliitin ang agwat sa pagitan ng kanilang pagganap at mga pamantayan sa antas ng baitang. Ang mga layunin ay pang-indibidwal at may kasamang 5 bahagi: (1) ang mga kondisyon kung saan ipapatupad at susukatin ang layunin; (2) ang masusukat na aksyon o pag-uugali; (3) ang takdang panahon na gagawin ang mga layunin; (4) ang paraan ng pagsukat; at (5) ang mga pamantayan upang ipakita ang karunungan. Ang bawat layunin ay magsasama ng isang hanay ng mga layunin na kasama rin ang mga bahaging ito. Tutukuyin din ng pangkat ng IEP kung gaano kadalas iuulat sa pamilya ang pag-unlad sa mga taunang layunin. Kung ang mag-aaral ay hindi nakakagawa ng sapat na pag-unlad upang makamit ang layunin sa loob ng panahon ng pagmamarka, ang pangkat ng IEP ay dapat magpulong upang talakayin kung anong mga salik ang nakakaapekto sa pag-unlad ng mag-aaral at gawin ang mga kinakailangang pagsasaayos sa layunin o sa programang pang-edukasyon ng mag-aaral, kung naaangkop. Ang pag-unlad sa mga layunin ay mahalaga, gayunpaman, ang pag-unlad lamang sa mga taunang layunin ang iniuulat sa pamilya.

Ang pangkat ng IEP ay dapat magpulong kung ang mag-aaral ay hindi nakakagawa ng sapat na pag-unlad upang makamit ang taunang layunin. Dapat suriing mabuti ng mga magulang ang mga ulat ng pag-unlad upang matiyak na ang kanilang mag-aaral ay nasa tamang landas.

LAYUNIN ____________________ Sinusuportahan ba ng layuning ito ang Layunin sa Transi
Kung oo, tukuyin: ☐ Trabaho ☐ Edukasyon ☐ Pagsasana

Layunin: (isama ang mga Kondisyon, Pag-uugali, Nakalaang Panahon, Paraan ng Pagsukat, at mga Pamantayan) ____________________

Nakalaang Panahon: hanggang ☐☐•☐☐•☐☐☐☐ (MM•DD•YYYY)

Kaparaanan ng Pagsusuri (Piliin ang lahat ng naaangkop): ☐ KAPARAANANG HINDI PORMAL (Tool/Paraang Ginamit) ☐ PAGSUSURING BASE SA SILID-ARALAN (Tool/Paraang Ginamit) ☐ TALAAN NG OBSERBASYON ☐ PAMANTAYAN SA PAGSUSURI (Tool/Paraang Ginamit) ☐ PAGSUSURI NG PORTPOLYO ☐ IBA PA ________

Mga Pamantayan (Pagkadalubhasa at Pagpapanatili): Kasama __________ ☐ % ganap na kawastuhan ☐ % pagbaba ☐ ____ Sa loob ng____ pagsubok ☐ % pagtaas ☐ Iba pa________

Layunin ng ESY? ◯ OO ◯ HINDI

Pagpaplano ng IEP para sa mga Emergency na Kondisyon: Maaari bang ipatupad ang hangaring ito gaya ng nakasulat sa panahon ng mga emergency na kondisyon na nagreresulta sa pisikal na pagsasara ng paaralan nang 10 araw o higit pa?

◯ OO ◯ HINDI Kung hindi, ilarawan ang mga kinakailangang pagbabago sa hangarin na ito?

Layunin 1: (isama ang mga Kondisyon, Pag-uugali, Nakalaang Panahon, Paraan ng Pagsukat, at mga Pamantayan)

Layunin 3: (isama ang mga Kondisyon, Pag-uugali, Nakalaang Panahon, Paraan ng Pagsukat, at mga Pamantayan)

Ang mga pangkat ng IEP ay dapat may mataas na inaasahan sa mag-aaral at lumikha ng mga layunin na mataas at nakakahamon para makagawa ang mag-aaral ng mahalagang pag-unlad.



> Ang espesyal na idinisenyong pagtuturo at mga kaugnay na serbisyo na natatanggap ng iyong mag-aaral ay ginagabayan ng kanilang mga PLAAFP.

## Mga Serbisyo

Tutukuyin ng pangkat ang mga serbisyong kailangan ng iyong mag-aaral, kabilang ang espesyal na idinisenyong pagtuturo at mga kaugnay na serbisyo, upang makatanggap ng Free Appropriate Public Education (FAPE). Maaaring ibigay ang mga serbisyo sa loob ng paligid ng pangkalahatang edukasyon o sa hiwalay na lugar. Ang pangkat din ang magpapasya kung sino ang magbibigay ng mga serbisyong iyon, kung ito ay espesyal na tagapagturo, pangkalahatang tagapagturo, katulong sa pagtuturo, kaugnay na tagapagbigay ng serbisyo ng isa pang indibidwal, o kumbinasyon ng mga miyembro ng kawani, at ang tagal ng mga serbisyo.

---

## Least Restrictive Environment

Ang isa sa mga utos ng IDEA ay ang turuan ang mga mag-aaral na kasama ang kanilang mga kapantay na walang kapansanan hangga't maaari. Ito ay tinatawag na pagiging Pinakamababang Naghihigpit na Kapaligiran (Least Restrictive Environment, LRE). Ipinakita ng pananaliksik na maraming benepisyo sa lahat ng mag-aaral ang maturuan sa isang inklusibong kapaligiran.

Ang mga benepisyo ay maaaring panlipunan, akademiko, emosyonal, pisikal, pag-uugali, at may iba pang positibong epekto. Ang inklusyon ay tumutulong sa lahat ng mag-aaral na umunlad. Kung ang pangkat ng IEP ay nagpasiya na ang mag-aaral ay dapat tanggalin sa pangkalahatang edukasyon sa anumang oras, dapat nilang bigyang-katwiran ang desisyong iyon at isaalang-alang ang potensyal na pinsala sa mag-aaral dahil sa pagkakaalis. Ang batayan para sa desisyon na alisin ang mag-aaral mula sa pangkalahatang edukasyon ay ginagabayan ng mga pangangailangan ng mag-aaral na makikita sa PLAAFP.



PINAKAMALUWAG NA KONDISYON (LRE) SA PAGGAWA NG KAPASYAHAN AT KABUUAN NG PAGLALAGAY

Ang mag-aaral na may kapansanan ay hindi aalisin mula sa pangkalahatang edukasyon sa naaangkop sa edad na paraan ng pagtuturo dahil lamang sa mga kinakailangang pagbabago sa pangkalahatang kurikulum.

Dapat tiyakin ng bawat pampublikong ahensya na:

(i) Sa pinakamataas na lawak na naaangkop, ang mga batang may kapansanan, kabilang ang mga bata sa pampubliko o pribadong institusyon o iba pang pasilidad ng pangangalaga, ay tinuturua kasama ng mga batang walang kapansanan; at

(ii) Ang mga espesyal na klase, hiwalay na pag-aaral, o iba pang pagbubukod sa mga batang may kapansanan mula sa regular na kapaligirang pang-edukasyon ay mangyayari lamang kung ang kalikasan o kalubhaan ng kapansanan ay sapat kung kaya ang edukasyon sa mga regular na klase na may paggamit ng mga pandagdag na pantulong at serbisyo ay hindi makakamit nang kasiyasiy

34 CFR § 300.114

Ilista ang LAHAT ng pagpipiliang paglalagyan na isinasaalang-alang ng pangkat ng IEP. ____________

Isaad ang napiling paglalagyan. ____________

Isaad ang napiling Kapaligirang may Pinakamababang Paghihigpit.

◯ Paglagay sa espesyal na edukasyon (Preschool Edad 3-5):
- ☐ PAGDALO SA REGULAR NA PROGRAMA SA MAAGANG PANAHON NG KABATAAN NANG HINDI BABABA SA 10 ORAS BAWAT LINGGO AT PAGTANGGAP SA KARAMIHAN NG ESPESYAL NA EDUKASYON AT MGA KAUGNAY NA SERBISYO SA SETTING N
- ☐ PAGDALO SA REGULAR NA PROGRAMA SA MAAGANG PANAHON NG KABATAAN NANG HINDI BABABA SA 10 ORAS BAWAT LINGGO AT PAGTANGGAP SA KARAMIHAN NG ESPESYAL NA EDUKASYON AT MGA KAUGNAY NA SERBISYO SA IBANG LOK
- ☐ PAGDALO SA REGULAR NA PROGRAMA SA MAAGANG PANAHON NG KABATAAN NANG MAS BABABA SA 10 ORAS BAWAT LINGGO AT PAGTANGGAP SA KARAMIHAN NG ESPESYAL NA EDUKASYON AT MGA KAUGNAY NA SERBISYO SA SETTING NA
- ☐ PAGDALO SA REGULAR NA PROGRAMA SA MAAGANG PANAHON NG KABATAAN NANG MAS BABABA SA 10 ORAS BAWAT LINGGO AT PAGTANGGAP SA KARAMIHAN NG ESPESYAL NA EDUKASYON AT MGA KAUGNAY NA SERBISYO SA IBANG LOKA
- ☐ LOKASYON NG TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO ☐ HIWALAY NA KLASE ☐ HIWALAY NA PRIBADONG PAARALANG PANG-UMAGA ☐ PRIBADONG PASILIDAD NA PANGRESIDENSYAL
- ☐ TAHANAN ☐ HIWALAY NA PAMPUBLIKONG PAARALANG PANG-UMAGA ☐ PAMPUBLIKONG PRIBADONG PASILIDAD NA PANGRESIDENSYAL

◯ Paglagay sa espesyal na edukasyon (Nasa edad pang-eskwela K-21):

{Kabuuang Panahon sa Lingguhang-paaralan: ______Oras.______Minuto/linggo} − {Kabuuang Panahon sa Labas ng Pangkalahatang Edukasyon:_____Oras._____Minuto/linggo} = {Kabuuang Panahon sa Pangkalahatang Edukasyon:______Oras.________Minuto/linggo}

Average ______ %/araw
- ☐ SA LOOB NG PANGKALAHTANG EDUKASYON (80% o higit pa) ☐ HIWALAY NA PAMPUBLIKONG PAARALANG PANG-UMAGA ☐ PRIBADONG PASILIDAD NA PANGRESIDENSYAL ☐ INILAGAY NG MAGULA
- ☐ SA LOOB NG PANGKALAHTANG EDUKASYON (40% - 79%) ☐ HIWALAY NA PRIBADONG PAARALANG PANG-UMAGA ☐ SA TAHANAN/OSPITALSA PRIBADONG PAARALAN
- ☐ SA LOOB NG PANGKALAHTANG EDUKASYON (mas mababa sa 40%) ☐ PAMPUBLIKONG PASILIDAD NA PANGRESIDENSYAL ☐ MGA KOREKSYONAL NA PASILIDAD

Idokumento ang batayan sa pagpapasiya ng LRE, at kung aalisin sa regular na programa sa maagang pagkabata/kapaligiran ng pangkalahatang edukasyon, ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit hindi maibibigay ang mga serbisyo sa paraang ito nang may paggamit ng mga pandagdag na tulong at serbisyo. ____________

Isaad ang mga partikular na oras/aktibidad na hindi lalahok ang mag-aaral sa mga walang kapansanan na kasamahan sa mga aktibidad na pang-akademiko, hindi pang-akademiko, at ekstrakurikular o pindutin ang NA kung kasama sa 100% ng araw.

☐ NA (kasama sa 100% ng araw) ____________

Sa pagpili ng LRE, mayroon bang maaaring nakakapinsalang epekto sa mag-aaral o kalidad ng serbisyo ? ◯ OO ◯ HINDI

> Sinusuportahan ng MSDE ang lubos na pagpapatuloy ng mga kapaligiran sa pag-aaral upang matugunan ang mga indibidwal na pangangailangan ng lahat ng mag-aaral.
>
> Kung kailangan mo ng tulong sa pag-unawa sa alinmang bahagi ng IEP ng iyong mag-aaral, makipag-ugnayan sa Family Support Team sa 410-767-0255.





# Glosaryo ng **mga Termino**

**Mga Accessibility Feature**
Ang mga suporta na magagamit ng lahat ng mag-aaral sa panahon ng pagtuturo at pagtatasa, ngunit kung kabilang sa IEP ay dapat ibigay sa mag-aaral.

**Pinahabang Taon ng Pag-aaral (ESY, Extended School Year)**
Mga serbisyong iniaalok lampas pa sa regular na taon o araw ng paaralan na nagbibigay-daan sa mag-aaral na mapanatili ang mga kasanayan at maiwasan ang malaking paghina na maglalagay sa panganib sa kanilang pag-unlad para sa paparating na taon ng pag-aaral.

**Libreng Angkop na Pampublikong Edukasyon (FAPE, Free Appropriate Public Education)**
Ang mga batang karapat-dapat sa espesyal na edukasyon ay may karapatan sa Free Appropriate Public Education. Nangangahulugan ito ng mga serbisyo at suporta na nakakatugon sa kanilang mga natatanging pangangailangan na ibinibigay nang walang bayad.

**Individualized Education Program (IEP)**
Ito ang nakasulat na plano na bumabalangkas sa mga serbisyo at espesyal na pagtuturo na matatanggap ng bata.

**Kapaligirang may Pinakamababang antas ng Paghihigpit (LRE, Least Restrictive Environment)**
Nauukol sa lawak kung saan matuturuan ang mag-aaral kasama ng kanilang mga kapantay na walang kapansanan.

**Mga Kasalukuyang Antas ng Nakamit sa Akademiko at Pagganap ng Tungkulin (PLAAFP, Present Levels of Academic Achievement and Functional Performance)**
Ang mga bumubuo sa IEP.  Ang mga datos na nakolekta mula sa maraming mapagkukunan ay sumasalamin sa mga kakayahan at pangangailangan ng mag-aaral na gagabay sa kanilang programang pang-edukasyon.

**Espesyal na Edukasyon**
Espesyal na idinisenyong pagtuturo at mga kaugnay na idinisenyong serbisyo upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mag-aaral.



# Checklist para sa **mga Magulang**

## MASASAGOT MO BA NG "OO" ANG MGA SUMUSUNOD NA TANONG?

Ang pag-unawa sa proseso ng IEP ng Maryland ay mahalaga sa pakikituwang mo sa paaralan ng iyong mag-aaral. Kung hindi mo masagot ng "oo" ang alinman sa mga tanong sa ibaba, makakatulong ang tagapamahala sa kaso ng iyong estudyante o Koordineytor ng mga Lokal na Serbisyong Suporta sa Pamilya (Local Family Support Services Coordinator)!

### Ang Proseso ng Espesyal na Edukasyon

- ☐ Naiintindihan ko ba ang proseso ng espesyal na edukasyon sa Maryland—kabilang ang referral, pagsusuri, pagbuo ng IEP, pag-uulat ng pag-unlad, taunang pagsusuri, mga takdang panahon, mga karapatan ng magulang/mga pamamaraang pananggalang?
- ☐ Naiintindihan ko ba ang proseso ng pagsusuri at kung paano tinutukoy ang pagiging karapat-dapat?
- ☐ Naiintindihan ko ba ang aking tungkulin sa proseso ng pagsusuri?
- ☐ Alam ko ba na maaari kong ibahagi ang aking mga alalahanin at priyoridad sa pagpaplano para sa pagsusuri sa aking anak?
- ☐ Naiintindihan ko ba na kailangan kong magbigay ng nakasulat na pahintulot para sa pagsusuri?
- ☐ Pagkatapos ng proseso ng pagsusuri, naiintindihan ko ba ang aking tungkulin sa pagbuo ng IEP?
- ☐ Naiintindihan ko ba kung bakit karapat-dapat ang aking anak at paano makikinabang ang aking anak mula sa espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo?
- ☐ Kung ang aking anak ay natagpuang HINDI karapat-dapat para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, naiintindihan ko ba kung bakit?
- ☐ Kung ang aking anak ay napatunayan na HINDI karapat-dapat para sa mga serbisyo sa espesyal na edukasyon, alam ko ba kung ano pa ang ibang mga maaaring mapagkukunan para sa aking anak, kung kinakailangan?

### Ang Individualized Education Program (IEP)

- ☐ Naiintindihan ko ba ang layunin ng IEP?
- ☐ Naiintindihan ko ba ang aking tungkulin sa pangkat ng IEP?



- ☐ Alam ko ba ang mga takdang panahon para sa pagkumpleto at pagsusuri sa IEP? Naiintindihan ko ba na maaari akong humiling ng pagsusuri sa IEP anumang oras?
- ☐ Naiintindihan ko ba ang mga layunin ng IEP para sa aking anak, at ang espesyal na idinisenyo na pagtuturo at mga serbisyo na gagamitin upang makamit ang mga layunin?
- ☐ Naiintindihan ko ba kung paano makakatulong ang mga layunin para ihanda ang aking anak sa kolehiyo, komunidad, at karera?
- ☐ Alam ko ba kung kailan magsisimula ang mga serbisyo, gaano kadalas at saan ibibigay ang mga ito, at gaano katagal?
- ☐ Naiintindihan ko ba na kailangan kong magbigay ng nakasulat na pahintulot sa paunang IEP para magsimula ang mga serbisyo?
- ☐ Alam ko ba na maaari kong tanggihan ang lahat ng serbisyo ng IEP?
- ☐ Alam ko ba kung paano matutukoy ang pag-unlad?

## Paglahok ng Magulang: Ganap na Pakikilahok sa Proseso ng IEP

- ☐ Kung kailangan ko ng impormasyong ibinahagi sa aking sariling wika o sa pamamagitan ng paraan ng komunikasyon gaya ng pasenyas na wika, natugunan ba ng lokal na pangkat ng IEP ang aking pangangailangan?
- ☐ Naiintindihan ko ba kung paano ko matutulungan ang aking anak na matuto sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa paaralan?
- ☐ Alam ko ba kung ano ang gagawin kung mayroon akong alalahanin tungkol sa programang pang-edukasyon ng aking anak?
- ☐ Alam ko ba ang tungkol sa adbokasiya at mga programa ng suporta sa pamilya at kung paano magagamit ang mga ito?
- ☐ Alam ko ba kung paano ibinabahagi ang impormasyong pang-edukasyon at kung paano pinananatiling kompidensyal ang mga tala ng aking anak?
- ☐ Itinatago ko ba ang mga dokumento at tala na mahalaga sa programang pang-edukasyon ng aking anak? Mga dokumento na kinabibilangan ng:
    - Mga kasalukuyan at nakalipas na IEP
    - Mga ulat sa pagsusuring medikal
    - Mga ulat sa pagsusuri
    - Paunawa sa Mga Karapatan ng Magulang/Pamamaraang Pananggalang
    - Pinirmahan na mga form para sa paglalabas ng impormasyon
    - Mga tala mula sa mga guro
    - Mga komunikasyon mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo
    - Mga tala mula sa mga pagpupulong ng pangkat ng IEP
    - Mga tala mula sa mga pag-uusap sa telepono
- ☐ Alam ko ba na ang Maryland ay may mga pambuong estadong network ng mga koordineytor ng Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Pamilya (FSS, Family Support Services)? Ang mga koordineytor ng FSS ay makakatulong sa mga pamilya ng mga batang may kapansanan sa pamamagitan ng:
    - Pagsagot sa mga tanong tungkol sa maagang interbensyon at mga serbisyo sa espesyal na edukasyon
    - Pagsuporta sa mga pamilya sa pagpa-plano para sa paglipat
    - Pagbibigay ng higit pang impormasyon tungkol sa paglutas ng mga hindi pagkakasundo

# Paano kung May mga Tanong ako o **Kailangan ko ng Tulong?**

## MGA COORDINATOR SA MGA SERBISYONG PANSUPORTA SA LOKAL NA PAMILYA

| MGA AHENSYA NG LOKAL NA EDUKASYON | KAPANGANAKAN HANGGANG EDAD 5 | EDAD 5 HANGGANG 21 |
|---|---|---|
| Allegany | 240-920-6829 | 240-920-6829 |
| Anne Arundel | 410-562-6303 | 410-424-3258 |
| Baltimore City | 410-396-1666 | 443-642-3848 |
| Baltimore County | 443-809-9696 | 443-809-5443 |
| Calvert | 443-550-8406 | 443-550-8375 |
| Caroline | 410-479-3609 | 410-479-3609 |
| Carroll | 410-751-3955 | 410-751-3955 |
| Cecil | 410-996-5637 | 410-996-5637 |
| Charles | 301-934-7456 | 301-934-7456 |
| Dorchester | 410-901-6915 | 410-901-6915 |
| Frederick | 240-578-1244 | 240-236-8744 |
| Garrett | 301-533-0240, x2 | 301-914-1351 |
| Harford | 410-273-5579 | 410-273-5579 |
| Howard | 410-313-7161 | 410-313-7161 |
| Kent | 410-778-5708 | 410-778-5708 |
| Montgomery | 240-777-4809 | 240-753-9487 |
| Prince George's | 240-521-5054 | 301-431-5675 |
| Queen Anne's | 410-556-6103, x10 | 410-758-2403, x135 |
| Somerset | 410-651-1616, x11385 | 410-651-1616, x11385 |
| St. Mary's | 301-475-5511, x32218 | 240-309-4113 |
| Talbot | 410-822-0330 | 410-822-0330 |
| Washington | 301-766-8221 | 301-766-8221 |
| Wicomico | 410-677-5250 | 410-677-5250 |
| Worcester | 410-632-5234 | 410-632-5234 |
| Maryland School for the Blind | 410-444-5000, x1489 | |
| Maryland School for the Deaf | 443-277-8899 | |
| Maryland State Department of Education | 410-767-0255 | |

**MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION**

**Mohammed Choudhury**
State Superintendent of Schools

**Dr. Deann Collins**
Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pag-aaral (Deputy Superintendent for Office of Teaching and Learning)

**Clarence C. Crawford**
Pangulo, Lupon ng Edukasyon sa Estado ng Maryland (President, Maryland State Board of Education)

**Wes Moore**
Gobernador

© 2023 Maryland State Department of Education
Ang publikasyong ito ay binuo ng Maryland State Department of Education, Dibisyon ng Maagang Interbensyon at Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon (Division of Early Intervention and Special Education Services) na may mga pondo mula sa U.S. Department of Education, Grant #H393A090124A, Special Education-Grants for Infants and Families “Recovery Funds” sa ilalim ng PL 105-17/111-5 Individuals with Disabilities Education Act/American Recovery and Reinvestment Act. Ang Maryland State Department of Education, Division of Early Intervention and Special Education Services ang namumunong ahensya para sa Maryland Infants and Toddlers Program, ang programa ng mga serbisyo at suporta sa buong estado na inaayos ng mga ahensya at organisasyon ng Estado at lokal. Ang mga gumagamit na kumukopya o nagbabahagi ng impormasyong nakapaloob sa publikasyong ito ay dapat magbigay ng karangalan sa Maryland State Department of Education, Division of Early Intervention and Special Education Services, Dr. Deann Collins, Kinatawang Superintendente para sa Tanggapan ng Pagtuturo at Pagkatuto (Deputy Superintendent for Office of Teaching and Learning).



MARYLAND STATE DEPARTMENT OF
EDUCATION
EQUITY AND EXCELLENCE

410-767-0100

www.marylandpublicschools.org

200 West Baltimore Street
Baltimore, MD 21201-2595